

ARALIN 61

1. Paano pinangangalagaan ng mga pastol ang kanilang mga tupa sa gabi?

-Bago sumapit ang gabi, ang mga pastol ay gagawa na kural ng mga bato o tinik, at gagawa ng isang pasukan bilang isang pinto.

2. Kapag natapos na ang kural, at pinapastol ng pastol ang kanyang mga tupa sa loob ng kural, saan matutulog ang pastol?

-Ang pastol ay natutulog sa pasukan.

3. Bakit matutulog ang pastol sa pasukan?

-Upang protektahan ang mga tupa na nasa loob ng kural.

4. Ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sabihin Niya na Siya ang pintuan para sa mga tupa?

-Ibig sabihin ni Jesus na Siya ang daan kung saan tayo makaliligtas sa kamatayan.

5. Sino ang mga tupa ni Jesus?

-Yaong mga nakakaalam na ang kanilang kasalanan ay hahantong sa kamatayan, at ang tumatawag kay Jesus upang sila ay iligtas.

6. Ang ilang mga tao ay nagsasabi na mayroong maraming pintuan patungo sa Diyos. Totoo ba ito?

-Hindi. Ito ay isang kasinungalingan.

7. Paano tayo pinaaalalahanan ng isang pinto sa arka ni Noe tungkol kay Jesus?

-Kung paanong may isang pinto lamang sa arka ni Noe, gayon din si Jesus ang tanging pintuan sa buhay na walang-hanggan.

-Kung paanong ang mga pumasok sa arka ni Noe sa pamamagitan ng isang pinto ay naligtas mula sa kamatayan, gayundin ang mga naniniwala kay Jesus ay maliligtas mula sa kamatayan.

8. Sino ang magnanakaw na dumarating lamang upang magnakaw at pumatay at manira?

-Si Satanas.

9. Sinabi ni Jesus na mahal na mahal Niya ang Kanyang mga tupa kung kaya handa Niyang gawinang anuman para sa kanila?

-Si Jesus ay handang mamatay para sa kanila.

-Isang araw, si Lazaro, na kaibigan ni Jesus ay nakatira sa Betania, ay nagkasakit.

Basahin natin ang Juan 11:1-6

1-Noon ay mayroong isang tao na maysakit, si Lazaro na taga-Betania, ang nayon nina Maria at Marta na kanyang mga kapatid.

2-Si Maria ang siyang nagbuhos sa Panginoon ng pabango, at pinunasan ang mga paa nito ng kanyang buhok. Ang kanyang kapatid na si Lazaro ay may sakit.

3-Kaya't ang magkapatid na babae ay nagbalita kay Jesus, "Panginoon, siya na iyong minamahal ay may sakit."

4-Ngunit nang ito ay marinig ni Jesus ay sinabi niya, "Ang sakit na ito'y hindi tungo sa kamatayan, kundi para sa ikaluluwalhati ng Diyos, upang ang Anak ng Diyos ay luwalhatiin sa pamamagitan nito."

5-Mahal nga ni Jesus si Marta, at ang kanyang kapatid na babae, at si Lazaro.

6-Nang mabalitaan niya na si Lazaro ay may sakit, siya'y nanatili ng dalawang araw pa sa dating lugar na kinaroroonan niya.

-Nang magkasakit si Lazaro, ang kanyang mga kapatid na sina Maria at Marta ay nagpadala ng mensahe kay Jesus, na nananatili sa napakalayo mula sa Betania.

-Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa sakit ni Lazaro?

-Sinabi ni Jesus na ang sakit ni Lazaro ay hindi magtatapos sa kamatayan, ngunit ito ay para sa kaluwalhatian ng Diyos.

-Kahit na narinig ni Jesus na si Lazaro ay may sakit, si Jesus ay nanatili sa kinaroroonan Niya ng dalawang araw.

-Nang marinig ni Jesus na si Lazaro ay may sakit, bakit hindi agad pinuntahan ni Jesus si Lazaro?

-Dahil nais ni Jesus na ipakita ang Kanyang napakalakas na kapangyarihan bilang Diyos na Tagapagligtas.

-Nagawa ba ni Jesus na pagalingin ang sakit ni Lazaro mula sa malayo?

-Oo.

-Pagkatapos noon, nagsalita si Jesus sa Kanyang mga disipulo.

Basahin natin ang Juan 11:7-8 & 11-16

7-Pagkatapos nito ay sinabi niya sa mga alagad, “Pumunta tayong muli sa Judea.”

8-Sinabi sa kanya ng mga alagad, “Rabi, ngayo'y pinagsisikapan kang batuhin ng mga Judio, at muli kang pupunta roon?”

11-Pagkatapos nito'y sinabi niya sa kanila, “Si Lazaro na ating kaibigan ay natutulog, ngunit ako'y pupunta roon, upang gisingin siya.”

12-Sinabi ng mga alagad sa kanya, “Panginoon, kung siya'y natutulog, siya'y gagaling.”

13-Subalit ang sinasabi ni Jesus ay tungkol sa pagkamatay ni Lazaro, subalit inakala nila na ang tinutukoy niya ay ang karaniwang pagtulog.

14-Kaya't pagkatapos ay maliwanag na sinabi sa kanila ni Jesus, “Namatay si Lazaro,

15-At ikinagagalak ko alang-alang sa inyo na ako'y wala roon, upang kayo'y sumampalataya. Gayunma'y tayo na sa kanya.”

16-Si Tomas na tinatawag na Kambal ay nagsabi sa mga kapwa niya alagad, “Pumunta rin tayo upang mamatay na kasama niya.”

-Nang sabihin ni Jesus sa mga disipulo na sila ay babalik sa Judea, bakit natakot ang mga disipulo?

-Dahil sinubukan ng mga Judio sa Judea na batuhin si Jesus.

-Nang sabihin din ni Jesus sa mga disipulo na si Lazaro ay namatay, hindi naunawaan ng mga disipulo si Jesus.

-Inisip ng mga disipulo na papayagan ni Jesus ang mga pinunong Judio na patayin Siya para makasama Niya si Lazaro.

-Hindi ito ang ibig sabihin ni Jesus.

-Ano ang nangyari nang bumalik si Jesus at ang Kanyang mga disipulo sa Betania?

Basahin natin ang Juan 11:17-22

17-Kaya't nang dumating si Jesus, ay naratnan niyang apat na araw nang nakalibing si Lazaro.

18-Ang Betania ay malapit sa Jerusalem, na may layong tatlong kilometro.

19-At maraming mga Judio ang pumunta kina Marta at Maria, upang sila'y aliwin dahil sa kanilang kapatid.

20-Nang marinig ni Marta na si Jesus ay dumarating, siya ay pumunta at sinalubong siya, samantalang si Maria ay naiwan sa bahay.

21-Sinabi ni Marta kay Jesus, "Panginoon, kung narito ka sana hindi sana namatay ang kapatid ko.

22-Subalit kahit ngayon ay nalalaman ko, na anumang hingin mo sa Diyos ay ibibigay sa iyo ng Diyos."

-Ano ang sinabi ni Marta na kapatid ni Lazaro kay Jesus?

-Sinabi ni Marta na kung naroon si Jesus, hindi sana namatay si Lazaro.

-Iniisip ni Marta na kung nandoon si Jesus noong nabubuhay pa si Lazaro, pinagaling sana ni Jesus si Lazaro.

-Ano ang sinabi ni Jesus kay Marta?

Basahin natin ang Juan 11:23-24

23-Sinabi sa kanya ni Jesus, "Muling mabubuhay ang iyong kapatid."

24-Sinabi ni Marta sa kanya, "Alam kong siya'y muling mabubuhay sa muling pagkabuhay sa huling araw."

-Sinabi ni Jesus kay Marta na Kanyang bubuhayin ang kanyang kapatid na si Lazaro.

-Naintindihan ba ni Martha?

-Hindi.

-Inisip ni Marta na bubuhayin ni Jesus ang kanyang kapatid na si Lazaro sa huling araw.

-Iyan ba ang ibig sabihin ni Jesus?

-Hindi.

-Sinabi ni Marta kay Jesus na alam niya na si Lazaro ay bubuhaying muli sa huling araw.

-Ano ang ibig sabihin ni Marta sa huling araw?

-Ang huling araw ay ang katapusan ng panahon kung kailan ang lahat ng mga taong namatay ay bubuhaying muli.

-Sa huling araw, bubuhayin ng Diyos ang lahat ng mga taong namatay upang hatulan ng Diyos.

-Sa huling araw, hahatulan ng Diyos ang lahat ng tao para sa mga kasalanan na kanilang nagawa.

-Ano ang isinagot ni Jesus kay Marta?

Basahin natin ang Juan 11:25a

25-Sinabi sa kanya ni Jesus, “Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay.”

-Ano ang sinabi ni Jesus kay Marta?

-Sinabi ni Jesus na Siya ang muling pagkabuhay at ang buhay.

-Sinabi ni Jesus kay Marta na si Lazaro ay hindi na kailangang maghintay para sa huling araw upang maibalik mula sa mga patay.

-Bakit hindi kinailangan ni Lazarus na maghintay hanggang sa huling araw upang mabuhay mula sa mga patay?

-Dahil naroon si Jesus, at si Jesus ang muling pagkabuhay at ang buhay.

-Si Jesus ay may kapangyarihang magbigay ng buhay kahit sa mga namatay.

-Maaari bang bigyan ng buhay ni Satanas at ng kanyang mga demonyo ang mga patay?

-Hindi.

-Maaari bang bigyan ng buhay ng mga anghel ang mga patay?

-Hindi.

-Sino lamang ang makapagbibigay buhay sa mga patay?

-Si Jesus na Diyos.

-Ano ang sinabi ni Jesus kay Marta?

Basahin natin ang Juan 11:25b-26

25-[Sinabi ni Jesus] “Ang sumasampalataya sa akin, bagama’t siya’y mamatay, ay mabubuhay.

26-At ang bawat nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay magpakailanman. Pinaniniwalaan mo ba ito?”

-Sinabi ni Jesus na ang sinumang naniniwala sa Kanya ay mabubuhay kahit na sila ay mamatay.

-Paano mabubuhay ang isang tao kahit siya ay namatay?

-Ano ang ibig sabihin ni Jesus?

-Sinabi ni Jesus na ang sinumang naniniwala sa Kanya ay hindi mamamatay sa Diyos, kahit na ang kanilang mga katawan ay namatay.

-Sinasabi ni Jesus na sinuman ang naniniwala sa Kanya, ang kanilang mga kaluluwa ay mapupunta sa Langit upang mamuhay kasama ng Diyos kahit na ang kanilang mga katawan ay namatay.

-Ano ang isinagot ni Marta kay Jesus?

Basahin natin ang Juan 11:27

27-Sinabi niya sa kanya, “Opo, Panginoon. Sumasampalataya ako na ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos, ang siyang darating sa sanlibutan.”

-Naniniwala ba si Marta na si Jesus ang Diyos na Tagapagligtas?

-Oo.

-Pagkatapos, tinawag ni Marta ang kanyang kapatid na si Maria.

Basahin natin ang Juan 11:28-38

28-Nang masabi na niya ito ay umalis siya, at tinawag ang kapatid niyang si Maria at palihim na sinabi, “Ang Guro ay narito at tinatawag ka.”

29-Nang marinig niya ito, dali-dali siyang tumayo at pumunta sa kanya.

30-(Hindi pa noon dumarating si Jesus sa nayon, kundi naroroon pa sa lugar kung saan siya sinalubong ni Marta.)

31-Nakita ng mga Judio, na kanyang mga kasama sa bahay at umaaliw sa kanya, na si Maria ay dali-daling tumindig at lumabas. Sila ay sumunod sa kanya sa pag-aakalang pupunta siya sa libingan upang doo’y umiyak.

32-Pagdating ni Maria sa kinaroroonan ni Jesus, at nang makita siya ni Maria, lumuhod ito sa kanyang paanan, na sinasabi sa kanya, “Panginoon, kung ikaw sana’y narito, hindi sana namatay ang aking kapatid.”

33-Kaya’t nang makita ni Jesus na siya’y umiiyak, pati na ang mga Judiong dumating na kasama niya, siya ay nabagabag sa espiritu at nabahala,

34-At sinabi, “Saan ninyo siya inilagay?” Sinabi nila sa kanya, “Panginoon, halika at tingnan mo.”

35-Umiyak si Jesus.

36-Sinabi ng mga Judio, “Tingnan ninyo kung gaano ang pagmamahal niya sa kanya!”

37-Subalit ang ilan sa kanila’y nagsabi, “Hindi ba siya na nagbukas ng mga mata ng bulag ay napigilan sana niya ang taong ito na mamatay?”

38-Si Jesus na lubhang nabagabag na muli ay pumunta sa libingan. Iyon ay isang yungib at mayroong isang batong nakatakip doon.

-Bakit umiyak si Jesus nang pumunta Siya sa libingan ni Lazaro?

-Dahil nalungkot si Jesus nang makitang umiiyak ang ibang tao.

-Nalulungkot ang Diyos dahil may kasalanan sa mundo.

-Malungkot ang Diyos dahil may kamatayan sa mundo.

-Kapag nasasaktan ang mga tao, ang Diyos ay nalulungkot.

-Kapag ang mga tao ay nagkakasakit, ang Diyos ay nalulungkot.

-Ito ay dahil nilikha ng Diyos ang lahat ng tao, at mahal niya ang lahat ng tao.

-Ano ang sinabi noon ni Jesus sa mga tao?

Basahin natin ang Juan 11:39-44

39-Sinabi ni Jesus, “Alisin ninyo ang bato.” Si Marta, na kapatid ng namatay, ay nagsabi sa kanya, “Panginoon, nangangamoy na siya ngayon, sapagkat apat na araw na siyang patay.”

40-Sinabi sa kanya ni Jesus, “Hindi ba sinabi ko sa iyo, na kung ikaw ay sasampalataya, ay makikita mo ang kaluwalhatian ng Diyos?”

41-Kaya’t inalis nila ang bato. Tumingin si Jesus sa itaas at sinabi, “Ama, nagpapasalamat ako sa iyo na ako’y iyong pinakinggan.

42-At alam kong ako’y lagi mong pinapakinggan. Ngunit ito’y sinabi ko alang-alang sa maraming taong nasa palibot, upang sila’y sumampalataya na ako ay sinugo mo.” 43-At nang masabi niya ang mga ito ay sumigaw siya ng malakas na tinig, “Lazaro, lumabas ka!”

44-Ang taong namatay ay lumabas, na ang mga kamay at mga paa ay natatalian ng mga telang panlibing, at ang kanyang mukha ay may balot na tela. Sinabi sa kanila ni Jesus, “Siya’y inyong kalagan, at hayaan ninyong makaalis.”

-Ano ang ginawa ni Jesus?

-Tumayo si Jesus sa pasukan ng libingan, at inutusan si Lazaro na gumising mula sa mga patay.

-Nagising ba si Lazaro mula sa mga patay?

-Oo.

-Bakit nagawang bigyang-buhay ni Jesus ang patay na si Lazaro?

-Dahil nilikha ni Jesus ang lahat ng buhay.

-Bakit nagpasiya si Jesus na buhayin si Lazaro mula sa mga patay?

-Dahil nais ni Jesus na ipakita sa lahat ng tao na ang Diyos ay may kapangyarihan kahit sa kamatayan.

-Ano ang sinabi ng mga tao pagkatapos ibalik ni Jesus si Lazarus mula sa mga patay?

Basahin natin ang Juan 11:45-48

45-Kaya’t marami sa mga Judio na sumama kay Maria at nakakita ng ginawa niya ang sumampalataya sa kanya.

46-Subalit ang ilan sa kanila ay pumunta sa mga Fariseo, at sinabi sa kanila ang mga bagay na ginawa ni Jesus.

47-Kaya’t ang mga punong pari at ang mga Fariseo ay nagpatawag ng pagpupulong at sinabi, “Ano ang gagawin natin? Ang taong ito’y gumagawa ng maraming tanda.

48-Kung siya’y ating pabayaang ng ganito, ang lahat ng mga tao ay maniniwala sa kanya. Darating ang mga Romano at wawasakin ang ating Templo at ang ating bansa.”

-Dahil binuhay ni Jesus si Lazaro mula sa mga patay, may mga taong naniwala kay Jesus bilang Diyos na Tagapagligtas.

-Dahil binuhay ni Jesus si Lazaro mula sa mga patay, umalis ang ilang tao, at nagbalak na patayin si Jesus.

-Sino ang gustong pumatay kay Jesus?

-Ang mga punong saserdote at ang mga Pariseo.

-Sino ang nangunguna sa mga punong saserdote at mga Pariseo upang patayin si Jesus?

-Si Satanang.

-Bakit gustong patayin ng mga punong saserdote at ng mga Pariseo si Jesus?

-Dahil sila ay masama.

-Dahil nakinig sila kay Satanang at hindi kay Jesus.

-Kanino ka makikinig, kay Satanang o kay Jesus?